Government of **Western Australia**
**School Curriculum and Standards Authority**

# Online na checklist ng aplikasyon sa pagiging karapat-dapat sa EAL/D

Upang magpatala para sa ATAR na kurso sa Year 12 na Ingles bilang Karagdagang Wika o Diyalekto (EAL/D - English as an Additional Language or Dialect), kailangan mong magsumite ng online na aplikasyon sa pagiging karapat-dapat sa EAL/D sa School Curriculum and Standards Authority (Ang Awtoridad) sa pamamagitan ng portal ng mag-aaral https://studentportal.scsa.wa.edu.au.

Gamitin ang checklist na ito upang tiyakin na lahat ng kailangan mo ay nasa sa iyo bago mo simulan ang iyong aplikasyon.

Upang makumpleto ang iyong aplikasyon sa online, kailangan mong gumamit ng kompuyuter, sa bahay man o sa paaralan. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, hilingin sa iyong mga magulang o sa iyong guro sa EAL/D na tulungan ka.

## Pag-log in sa portal ng mag-aaral

Para mag-log in sa portal ng mag-aaral, kailangan mo ang iyong **numero bilang estudyante ng WA**, na makikita mo sa iyong (mga) ulat ng paaralan o sa iyong SmartRider. Kailangan mo rin ng isang **personal na email address**. Dapat ma-access mo ang iyong personal na email account kapag kinukumpleto mo ang iyong online na aplikasyon.

## Impormasyon tungkol sa tirahan

Kailangan mong ibigay ang sumusunod na mga detalye:

- ❑ bansa ng kapanganakan
- ❑ petsa ng pagdating sa Australya
- ❑ bansa ng kapanganakan - ina at ama (o (mga) tagapag-alaga)
- ❑ mga bansa na dating tinirhan
- ❑ nasyonalidad
- ❑ mga wikang sinasalita sa bahay

## Background ng edukasyon

Tiyakin na mayroon kang:

- ❑ mga detalye ng mga paaralan na pinasukan mo sa bawat taon ng paaralan mula sa kindergarten:
  - pangalan ng paaralan
  - bansa kung saan matatagpuan ang paaralan
  - mga taon ng kalendaryo kung kailan ka pumasok sa paaralan
  - internasyonal na katayuan ng paaralan
  - pangunahing wika ng pagtuturo sa paaralan
  - porsyento ng kurso na itinuturo sa Ingles
- ❑ (mga) ulat ng paaralan para sa mga taon na nag-aral ka sa labas ng Australya

## Mga sumusuportang dokumento

Kailangan mong kunan ng larawan o i-scan ang sumusunod na mga dokumento:

- ❑ pahina ng pagkakakilanlan sa pasaporte
- ❑ petsa ng entry stamp o visa **o**
- ❑ (mga) tala ng pagbiyahe sa ibang bansa
- ❑ (mga) ulat ng paaralan

I-save ang mga suportang dokumento sa iyong kompyuter o mobile device bilang mga file na **.pdf**, **.jpg**, **.jpeg** o **.png**, na may **maximum size** na **4MB para sa bawat file**. Ang mga dokumento na nasa **Word** ay **hindi** tatanggapin.